# Barbero/ Manggugupit

Isang uri ng trabaho na naghuhugas at naggugupit ng buhok at nag-aahit ng balbas o bigote ng mga kustomer.

## Gawain ng barbero/manggugupit

### Benepisyo ng trabaho

Napapasaya ang mga kustomer kapag ginamit mo ang kaalaman at kakayahan sa paggupit at pag-aahit at nakapagbigay ng rekomendasyon sa nababagay na gupit sa kanila.
Ang istilo ng buhok ay isang uri ng moda.
Nakakaramdam ng kasiyahan kapag nalaman ang mga usong bagay.

### Mga taong angkop sa trabahong ito

Mga taong mahilig makipag-usap sa kapwa dahil mahalagang malaman ang gusto ng kustomer.
Mga taong mahilig sa moda/usong bagay.

### Para maging barbero/manggugupit

Kinakailangang kumuha at ipasa ang lisensya sa "Pambansang Pagsusulit ng Barbero".
①Pagkatapos makumpleto ang kurso sa paaralan ng paggugupit (2 taon at pataas kung fulltime), mabibigyan ng lisensya kapag naipasa ang pambansang pagsusulit.
②Pagkatapos makumpleto ang kurso sa paaralan ng paggugupit (3 taon at pataas kung correspondence na kurso), mabibigyan ng lisensya kapag naipasa ang pambansang pagsusulit.



Mahalaga ang pakikipag-usap sa kustomer.



Iba-iba ang gunting na ginagamit ayon sa paraan ng paggupit.

## Panayam kay Ginoong Toshiya Hayashi, Tagapangulo ng Shizuoka-ken Riyō Seikatsu Eisei Dōgyō Kumiai




### Kaya ba ito ng isang hindi magaling ang kamay?

Walang problema kahit hindi magaling ang kamay. Lalawak ang kaalaman at kahusayan dahil sa dalas ng pagsasanay. Sa kalaunan, maraming tao ang nagiging bihasang barbero.

### Saan maaaring magtrabaho?

Napakaraming lugar ang maaaring pagtrabahuan tulad ng barberya, barberya sa hotel at ospital at home service na barbero. May mga barbero rin na aktibo sa fashion show at esklusibong barbero ng tanyag na tao.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Subukan maging kustomer sa barberya.
Pagmasdan kung paano sila makipag-usap at ang panloob na disenyo ng barberya.
Kapag kinumpara mo ang iba't ibang barberya, mabibigyan ka ng idea sa uri ng barberya na iyong bubuksan sa hinaharap.

**Message**

Maaari mong magamit ang iyong kakayahan sa wikang banyaga kapag nagbukas ka ng barberya para sa mga dayuhang residente ng Shizuoka.
Mapapasaya mo ang kustomer kapag naiintindihan mo ang gusto niyang gupit at problema niya sa buhok.
Ang kakayahan sa paggupit na iyong natutunan ay hindi basta basta mawawala.
Mapapabuti ang kakayahan sa pamamagitan ng araw-araw na pagtatrabaho.

Kapag interesado sa trabahong ito → Telepono

Shizuoka-ken Riyō Seikatsu Eisei Dōgyō Kumiai

Tel　054-253-4417